# Computed tomography (CT) - Filipino

Adult (18 years and over) | Patient information -
Nasa edad ( 18 taong gulang pataas) | Impormasyon ng pasyente

**Ang isang kopya ng kasulatang ito ay dapat ibigay sa pasyente / pamalit na tagapagpasya upang basahin nang mabuti at maglaan ng oras na magtanong ng anumang mga katanungan tungkol sa 'procedure'.**

## 1. Ano ang computed (CT) scan at paano ito makakatulong sa akin bilang pasyente?

Computed Tomography (CT – dating kilalang CAT scan) ay mga pagsusuri na nagbibigay ng cross sectional na mga imahe ng katawan sa pamamagitan ng paggamit (x-ray radiation).

Ang CT ay ginagamit kung ang doktor ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon higit pa sa impormasyon na binibigay ng karaniwang x-ray.

Ang makina ng CT ay mukhang isang malaking donut na may makitid na mesa sa gitna ng butas Ang mesa ay gumagalaw sa bilog na butas sa gitna ng scanner.



*Image 1: CT machine.*
*Herston Multimedia Unit.*

Ang makina ng CT ay bukas sa magkabilang dulo upang ang mga pasyenteng takot sa kulob na lugar ay di mahihirapan sa pagsusuri na ito.

## Contrast

Ikaw ay mabibigyan ng 'contrast' paminsan- minsan bilang parte ng iyong CT scan. Ang 'contrast' ay nagpapakita ng mas malinaw na tingin sa pag-scan ng mga organ ng katawan. Ang 'contrast' ay maaaring ibigay bilang inumin (oral contrast) at/o iniiksyon sa ugat "IV iodinated contrast".

**Ang 'contrast' na dinadaan sa bibig** ay ginagamit upang makita nang mas malinaw ang tiyan at bituka.

**Ang 'Iodinated contrast'** ay ginagamit upang maipakita nang mas malinaw ang mga organ at mga daluyan ng dugo ng katawan. Isang pinong karayom (IV cannula) ang itutusok sa ugat sa iyong braso, para maipasok ang 'contrast'.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa 'iodinated contrast' at ang mga peligro hinggil sa paggamit nito, pakibasa ang "Iodinated contrast information sheet' ng pasyente *(kung wala ka ng information sheet na ito, maaaring humingi)*.

## Paghahanda para sa 'procedure'

Ang departamento sa medical imaging ang magbibigay sa iyo ng mga tagubilin sa paghahandang gagawin mo para sa scan.

Maaari lang pakisabi sa kawani kung ikaw ay nagdadalang tao o baka buntis, o kung ikaw ay nagpapasuso.

Ang CT scan ay isang 'procedure' na hindi masakit, hindi ito nangangailangan ng anestisya.

## Habang isinasagawa ang ‘procedure’

Ikaw ay ipupuwesto sa mesa ng CT ng radiographer. Ang radiographer ay hindi mo makakasama sa kuwarto habang ginagawa ang scan, ngunit matatanaw ka niya sa pamamagitan ng malaking salaming bintana, at kakausapin ka niya gamit ang intercom.

Habang ginagawa ang scan, makakadinig ka ng maugong na tunog at mararamdaman mo na gagalaw ang mesa sa CT scanner. Hindi ka dapat gumalaw hangga’t maaari, dahil ang konting kilos lamang ay magdudulot ng malabong litrato.

Para sa ibang mga scan, ikaw ay sasabihan na hawakan ang iyong hininga ng mga 20 segundo.

Ang buong ‘procedure’ ay tatagal ng mga 20 minuto depende sa anong bahagi ng katawan ang iniiskan.

# 2. Ano ang mga peligro?

Mayroong mga peligro at kumplikasyon ang ‘procedure’ na ito. Mayroon ding mga peligro particular sa bawat kundisyon at kalagayan ng tao. Pakitalakay ang mga ito sa doktor/clinician. Ang mga kasamang peligro ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

**Karaniwang mga peligro at kumplikasyon**

- Bahagyang pananakit, mga pasa at/o impeksyon mula sa IV cannula. Ito may maaaring mangailangan ng gamutan ng antibiotics.
- Karaniwang lumalabas ang mga pasa kung ikaw ay gumagamit ng mga gamot na pampalabnaw ng dugo tulad ng warfarin, aspirin, clopidogrel (Plavix, Iscover, Coplavix) prasugrel (Effient), dipyridamole (Persantin o Asasantin), ticagrelor (Brilinta), apixaban (Eliquis), dabigatran (Pradaxa), rivaroxaban (Xarelto) o pantulong/alternatibong mga gamut, tulad ng langis ng isda (fish oil) at turmeric.

**Mga bihirang peligro at kumplikasyon**

- Karagdagang peligro ng panghabang buhay na kanser dahil sa pagkakalantad sa mga x-ray.
- ang pagkamatay bilang resulta sa ‘procedure’ na ito ay madalang.

## Ano ang mga peligro kung hindi sasailalim sa computed tomography (CT) scan?

Mayroon maaaring mga kahihinatnan kung sakaling piliin mo na hindi sumailalim sa iminungkahing ‘procedure’/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon. Pakitalakay ang mga ito sa doktor/clinician.

# 3. Mayroon bang mga alternatibo?

Ang paggawa ng desisyon para sa procedure na ito ay nangangailangan na maintindihan ng pasyente/pamalit na tagapagpasya ang mga nakalaang mapagpipilian. Pakitalakay ang alternatibo o pamalit na gamutang maaaring pagpilian sa doktor/clinician.

# 4. Ano ang aking aasahan pagkatapos ng ‘procedure’?

Kung ikaw ay sasaksakan ng IV cannula para sa ‘contrast’, ito ay tatanggalin pagkatapos ng CT scan. Ikaw ay maaaring sabihan na maghintay sa departamento habang inoobserbahan ng mga kalahating oras pagkatapos ng ‘IV contrast’.

# 5. Sino ang magsasagawa ng ‘procedure’?

Isang doktor/clinician liban sa consultant/specialist ang maaaring tumulong sa pagsagawa ng kaukulang klinikal na ‘procedure’/gamutan/imbestigasyon/eksaminasyon.

Ito ay maaaring doktor/clinician na sumasailalim sa karagdagang pagsasanay, subalit lahat ng mga nagsasanay ay pangangasiwaan batay sa mga nauugnay na propesyonal na patnubay.

Kung ikaw ay may mga pag-aalala sa kung sinong doktor/clinician ang magsasagawa ng procedure, pakitalakay ito sa doktor/clinician.

## 6. Saan ako maaaring kumuha ng suporta at karagdagang impormasyon?

Pangangalaga sa Ospital:  bago, habang at pagkatapos ay makukuha mula sa "Queensland Health Website www.qld.gov.au/health/services/hospital-care/before-after kung saan mababasa ang iyong mga karapatan sa pag-aalaga ng iyong kalusugan.

Makikita din ang listahan ng mga gamot   na pampanipis ng dugo sa www.health.qld.gov.au/consent/bloodthinner.

May mga kawani na handang magbigay ng suporta sa mga pangkultura at pang-ispiritwal na pangangailangan ng mga pasyente. Kung nais mo ng pangkultura at pang-ispiritwal na suporta, mangyaring talakayin sa iyong doktor/ clinician.

Kinikilala ng Queensland Health na ang mga pasyente ng Aboriginal at Torres Strait Islander ay makakaranas  ng pinakamahusay na klinikal na pangangalaga kung ang kanilang kultura ay  kabilang sa proseso ng pagpapasya.

## 7. Mga tanong

Mangyaring tanungin ang doktor/clinician kung hindi mo nauunawaan ang anumang aspeto sa information sheet ng pasyenteng ito o kung mayroon kang anumang mga katanungan kaugnay ng iyong/medikal na kundisyon, mga mapagpipiliang gamutan at mungkahing  pamamaraan/gamutan/ pagsisiyasat/ eksaminasyon.

## 8. Kontakin kami

**Kung emerhensiya, tumawag sa Triple Zero (000).**

Kung hindi naman emerhensiya,  pero may alalahanin, kumontak sa 13 HEALTH (13 43 25 84), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

© The State of Queensland (Queensland Health) 2021. Except as permitted under the *Copyright Act 1968*, no part of this work may be reproduced communicated or adapted without permission from Queensland Health. To request permission email: ip_officer@health.qld.gov.au